Public Health England

NHS

Isang gabay sa pagpapabakuna laban sa COVID-19

Lahat ng kababaihang nasa edad ng pagbubuntis, iyong mga kasalukuyang buntis o nagpapasuso

Dapat mong basahin ito bago ka magpabakuna

Ang mga bakuna laban sa COVID-19 na makukuha sa UK ay ipinakitang epektibo at may magandang profile sa kaligtasan. Ang mga naunang bakuna sa COVID-19 ay hindi naglalaman ng mga organismo na maaaring dumami sa katawan, kaya hindi magdudulot ang mga ito na maimpekta ang hindi pa naiiluluwal na sanggol sa sinapupunan.

Maraming bakuna ang maaaring maibigay nang ligtas sa panahon ng pagbubuntis kaya bakit ako pinapayuhan laban sa bakunang ito?

Hindi pa nasusubukan ang mga bakuna sa pagbubuntis, kaya hanggang sa makakuha ng higit na impormasyon, iyong mga buntis ay hindi dapat pangkaraniwang magpaturok ng bakunang ito. Kinakailangan ang hindi klinikal na katibayan bago maaaring simulan ang anumang mga klinikal na pag-aaral sa pagbubuntis, at bago noon, madalas na hindi inirerekumenda ang karaniwang pagpapabakuna sa panahon ng pagbubuntis.

Ang katibayan mula sa mga hindi klinikal na pag-aaral ng Pfizer BioNTech na bakuna ay natanggap at sinusuri ng Medicines and Healthcare products Regulatory Agency (MHRA). Ang katibayang ito ay sinuri din ng World Health Organisation at ng mga nangangasiwang katawan sa USA, Canada at Europe at walang mga naging alalahanin tungkol sa kaligtasan sa pagbubuntis.

Walang mga naging alalahanin sa mga hindi klinikal na pag-aaral ng Astra-Zeneca na bakuna laban sa COVID-19 .

Kinilala ng Joint Committee on Vaccination and Immunisation (JCVI) na ang potensyal na mga benepisyo ng pagpapabakuna ay lalong mahalaga para sa ilang buntis na kababaihan. Kabilang dito iyong mga napakataas ang panganib na mahawa o iyong may mga klinikal na kondisyon na naglalagay sa kanila sa mataas na panganib na magkaroon ng malubhang mga kumplikasyon mula sa COVID-19.

Sa mga kalagayang ito, dapat mong talakayin ang pagpapabakuna sa iyong doktor o nars, at maaaring sa tingin mo mas maiging magpatuloy at makuha ang proteksyon mula sa bakuna.

Pagpapasuso ng anak

Walang datos sa kaligtasan ng mga bakuna laban sa COVID-19 sa pagpapasuso o sa pinapasusong sanggol. Sa kabila nito, hindi iniisip na panganib ang mga bakuna laban sa COVID-19 sa pinapasusong sanggol, at alam ng lahat ang mga benepisyo ng pagpapasuso ng anak. Dahil dito, inirekumenda ng JVI na maaaring mabakunahan nito habang nagpapasuso ng anak. Naaayon ito sa mga rekumendasyon sa USA at mula sa World Health Organisation.

Ano ang ibig sabihin nito para sa akin?

Narito ang mga mahahalagang puntos na dapat mong isaalang-alang:

- kung ika'y buntis, hindi ka dapat mabakunahan maliban kung nasa mataas na panganib ka – maaari kang bakunahan pagkatapos ng iyong pagbubuntis
- kung nakapagpaturok ka na ng unang dosis at pagkatapos ay nabuntis, dapat mong ipagpaliban ang pangalawang dosis hanggang sa matapos ang pagbubuntis (maliban kung nasa mataas na panganib ka)

Kung ika'y buntis pero sa tingin mo mataas ang panganib mo, dapat mong talakayin sa iyong doktor o nars ang pagpapabakuna o pagkukumpleto ng pagpapabakuna.

Bagaman hindi nasubukan sa buntis ang bakuna, maaari kang magpasyang magpatuloy sa pagpapabakuna dahil napakalinaw ng mga alam nating panganib mula sa COVID-19. Walang payo na iwasan ang pagbubuntis pagkatapos magpabakuna laban sa COVID-19.

Kung nagpapasuso ka ng anak, maaari kang magpasyang maghintay hanggang sa matapos ka na sa pagpapasuso bago ka magpabakuna.

Pagpapabakuna, nakakatulong na maprotektahan ang mga may pinakamataas na panganib na mahawahan.

© Crown copyright 2020. Product code COV2020374V2TL 1p 10M DEC (APS) 2020. Public Health England Gateway number 2020564. Maaari kang humingi ng higit pa ng mga libreng polyetong ito sa www.healthpublications.gov.uk